# Balitang Manmin

BILANG 121 DISYEMBRE 7, 2014

# "Binigyan Ako ng Diyos ng Anak Bilang Regalo!"

## Mga Mag-asawang Hindi Magkaanak, Biniyayaan ng Anak



◄ Masia Asif, anak na lalaki si Pastor Asif Nazir, ipinanganak pagkatapos ng 10 taong paghihintay

Diakono Su Kim at Diakonesa Kyunghye Jang, kasama ang anak nilang si Soeun, ipinanganak pagkatapos ng 12 taong paghihintay ▲

Nabiyayaan ng anak ang mga mag-asawang ito dahil sa panalangin. Sinabi nilang nadama nila ang pag-ibig ng Diyos. Nagpapasalamat sila dahil nakikita nilang lumalaki ng maayos ang mga anak nila. Mula sa itaas, kaliwa – Kapatid na Fiona (Singapore), Kapatid na Innocent Messi (Pakistan), Kapatid na John (India), Elder Changkyu Yang; gitna mula sa kaliwa – Kapatid na Aimee (Germany), Diakonesa Kyungja Cho (Seoul), Kapatid Ikumi Yamashita (Japan), Punong Diakonesa Suhee Lim; ibaba mula sa kaliwa – Pastor Asif (Pakistan), Kapatid na Lyudmila (Israel), Punong Diakonesa Okja Kim, pamilya ni Diakonesa Hyojung Kim.

Naaantig ang puso ni Diakonesa Kyunghye Jang sa tuwing makikita niya ang anak niyang si Soeun. Nakilala niya ang Diyos dahil dito. Katoliko siya dati, 12 taon na siyang kasal pero walang anak. Ang asawa niyang si Diakono Su Kim ay dinala ng boss niya sa Manmin Central Church. Idinalangin sila ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee at nabiyayaan sila ng anak. Nagsusulong sila ngayon ng masayang buhay bilang mga Cristiano (litrato sa kanan).

Sa pagbabalik-tanaw sa buhay niya, sinabi niya, "Nawawalan ako ng pag-asa sa tuwing maririnig kong buntis ang mga kaibigan ko. Labis ang kalungkutan ko tuwing matatapos na naman ang isang taon dahil nagkaka-edad na ako. Nang magbuntis ang hipag ko pagkakasal sa kanila, inisip niya agad ang magiging damdamin ko. Sinikap niyang huwag akong masaktan. Hindi ko hiniling ito sa kanya dahil ayaw ko namang magkaproblema ang ibang tao dahil sa akin."

Ang pagiging baog ay kawalan ng kakayahang magkaanak kahit parehong malusog at nasa tamang gulang ang mag-asawa. Hindi sila nagkakaanak kahit isang taon na nilang pinagsisikapan. Isa sa pitong mag-asawa ang nagdurusa sa kalagayang ito, at patuloy na tumataas ang bilang bawat taon.

Ayon sa datos mula sa Health Insurance Review and Assessment Service ng Korea, 184,576 tao ang nagpagamot mula sa pagkabaog noong taong 2010, may 24.4% ang itinaas mula noong taong 2006 sa bilang na 148,408. Sa kabaliktaran, sa nakaraang 32 taon, maraming mag-asawang walang anak ang nagkaroon ng anak dahil sa panalangin ni Dr. Lee.

Tinangkang magpakamatay ni Punong Diakonesa Okja Kim ng Gwangju dahil hindi siya magkaanak. Nagdusa ang damdamin niya kaya uminom siya ng pestisidyo. Kahit naisugod agad siya sa ospital at naisalba ang buhay niya, nabulok ang mga baga, atay, at bato niya dahil sa epekto ng pestisidyo sa katawan niya. Pinayuhan ang pamilya niya na paghandaan na ang kamatayan niya. Pero gumaling siya dahil hiniling ng kapatid niyang babae kay Dr. Lee na ipanalangin siya. Hindi nagtagal, nagbuntis siya pagkatapos ng 21 taon ng pagiging baog. Ang anak niyang lalaki, si Sunwoo, ay nasa ika-10 baitang na ngayon (litrato 11).

Sa Espesyal na Pulong ng Muling Pagsigla ni Dr. Lee noon taong 1993, dose-dosenang mag-asawa ang biniyayaang magkaanak dahil sa panalangin ni Dr. Lee. At marami pang nagdurusa sa pagkabaog sa loob at labas ng Korea ang patuloy na nabibiyayaang magkaanak.

Nagpadala ng hiling sa panalangin kay Dr. Lee si Diakonesa Sukiura Haruko (Japan) para sa problema ng anak niyang babae sa pagiging baog. Hindi ito magamot ng iba't ibang paraan ng medisina. Dahil pinaniwalaan niya, nagkaroon ng magandang apong babae si Diakonesa Haruko. Bukod dito, dahil nabiyayaan din ng anak dahil sa panalangin ni Dr. Lee sina Elder Jekyu Ju at Punong Diakonesa Yoonyoung Choi (Japan), binuksan nila ang Yamagata Manmin Church sa Japan. Magmula noon, maraming mag-asawang walang anak ang nagrehistro sa iglesya, nabiyayaan din sila ng anak.

Ipinadala ni Pastor Asif Nazir (Pakistan) ang litrato ng asawa niya sa iglesya na may kasamang sulat tungkol sa pagiging baog nito. Tinanggap niya ang panalangin ni Dr. Lee na lumalampas sa lugar at panahon. Ipinanganak niya ang isang sanggol na lalaki pagkatapos ng 10 taong paghihintay, linuwalhati niya ang Diyos sa patotoo niya (litrato 9).

Nakunan ng dalawang beses si Kapatid Lyudmila (Israel) at nagdusa din siya dahil tatlong taon na silang naghihintay na magkaroon ng anak, tumatanda na siya. Samantala, nabalitaan niya ang tungkol kay Dr. Lee, at dahil sa panalangin nito, ligtas niyang ipinagbuntis at ipinanganak ang malusog na anak na lalaki. Solomon ang ipinangalan nila dito (litrato 10).

Sa Singapore, pinagsikapang magkaanak ng mga Kapatid Fiona at Alex. Mayroong polycystic ovary syndrome si Fiona, namamaga at may tubig ang mga obaryo niya. Marami na silang sinubukang lunas tulad ng makabagong medisina, at makaluma at tradisyunal na lunas ng Tsino. Pero walang epekto ang lahat ng ito, napagod lang ang katawan at isipan nila. Isang araw, nakabasa sila ng libro ni Dr. Lee at nalaman ang tungkol sa pagpapagaling niya. Bumisita sila sa iglesya, tinanggap ang panalangin niya, at sa wakas, nagkaroon sila ng anak na lalaki (litrato 1).

Sa Mga Awit 127:3, sinabi ng Diyos, "Narito, ang mga anak ay pamanang sa PANGINOON nagmula, ang bunga ng sinapupunan ay isang gantimpala." Ang Diyos na Manlilikha lang ang makakapagbigay ng buhay. Walang anak ang isang babaing taga-Sunem, pero nagkaroon siya ng anak na lalaki dahil sa pagkilos ng Diyos na nagpatibay ng sinabi ni Eliseo (2 Mga Hari 4). Baog si Elizabeth pero nagbuntis at nanganak siya kahit matanda na siya dahil niloob ito ng Diyos. Ang anak na ito ay si Juan na Tagapagbautismo. Ipinanganak din ni Hannah si Samuel, naghandog siya ng pangakong-panalangin sa Diyos.

Sa kasalukuyan, tulad ng nakaraan, sinasagot ng ating Diyos ng Pag-ibig ang makapangyarihang panalangin at tinutupad ang mga minimithi ng puso ng mga anak Niyang nagsisikap na isabuhay ang Salita Niya. Ipagkatiwala ninyo ang anumang problema sa Diyos, at manampalataya. Walang imposible para sa Kanya, makakamit ninyo ang mga ito.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

“Huwag mong babanggitin ang pangalan ng PANGINOON mong Diyos sa walang kabuluhan, sapagkat hindi pawawalang-sala ng PANGINOON ang sinumang gumagamit ng Kanyang pangalan sa walang kabuluhan.” (Exodo 20:7)

# “Huwag Mong Babanggitin ang Pangalan ng PANGINOON Mong Diyos sa Walang Kabuluhan”

Sa diksiyonaryo, ang kahulugan ng ‘banggitin ang pangalan sa walang kabuluhan’ ay kawalan ng respeto sa paggamit ng pangalan ng ibang tao. Kaya ang pagbanggit ng banal na pangalan ng Diyos sa walang kabuluhan ay mali at masama.

Paparusahan ng Diyos ang sinumang bumanggit ng pangalan Niya sa walang kabuluhang bagay. Pag-aralan natin ang tatlong dahilan kung bakit kasalanan ito at dapat parusahan.

### Una, ipinapakita nito na hindi nila pinaniniwalaan na ang Diyos ang Manlilikha, kasalanan ito

May mga pilosopo o teoretiko na nagsisikap na pag-aralang mabuti ang lahat ng bagay at kung ano ang buhay. May ilan sa kanilang nagsasabi na patay ang Diyos. May mga pangkaraniwang tao din na nagsasabing walang Diyos.

Sinabi din ng isang astronot na Ruso na wala siyang nakitang Diyos noong nasa kalawakan siya. Gayon pa man, sinabi ng mga astronot na Amerikano na nadama nila ang presensya ng Diyos pagkatapos ng paglalakbay nila sa kalawakan. Dahil astronot siya, batid marahil ng Ruso na napakaliit na bahagi lang ng buong sansinukob ang narating niya. Pero sinabi niyang walang Diyos na lumikha ng sansinukob. Napakalaking kahangalan nito!

Mababasa sa Mga Awit 53:1, “‘Walang Diyos,’ sinasabi ng pusong hangal. Sila’y masasama at gumagawa ng kasamaang karumal-dumal, walang isa mang gumagawa ng mabuti.” Kung titingnan natin ang mga bagay nang may mapagpakumbabang puso, makakakita tayo ng mga pruweba na may buhay na Diyos (Mga Taga-Roma 1:20).

Bukod dito, maraming mangangaral ang nagpapatunay na may buhay na Diyos at Panginoong Jesu-Cristo. Pero kung magmamatigas ang iba, tatanggihan ang Diyos, at babanggitin ang pangalan Niya sa walang kabuluhan, tiyak na kasalanan ito na dapat parusahan.

### Pangalawa, ang pagbanggit sa pangalan Niya sa walang kabuluhan ay paglibak o pag-insulto sa Kanya, kasalanan ito

Ang paglibak o pag-insulto sa isang tao ay kawalan ng paggalang o pangungutya. Lahat ng gagawa nito sa Diyos ay makasalanan.

Sinasabi ng Mga Awit 96:4, “Sapagkat dakila ang PANGINOON, at karapat-dapat purihin; Siya’y dapat katakutan nang higit kaysa lahat ng diyos.” Mababasa sa Exodo 33:20, “Ngunit Kanyang sinabi, ‘Hindi mo maaaring makita ang Aking mukha; sapagkat hindi Ako maaaring makita ng tao at siya’y mabuhay.’” Naisulat, ang Diyos ay dakila (1 Kay Timoteo 6:16).

Sa Korea, hindi namin tinatawag sa pangalan ang mga magulang o mga taong iginagalang namin. Kapag gusto namin silang kausapin ng personal, gumagamit kami ng mga titulo ng paggalang. Kapag nagbabasa ng Biblia ang mga Israelita, hindi sinasambit ng mga labi nila ang pangalan ng Diyos. Kapag nakita nila sa Biblia ang ‘PANGINOONG Diyos’, sasabihin nila, ‘Adonai’, na ang kahulugan ay ‘Aking Panginoon’. Hindi tahasang binabanggit ang dakilang pangalan ng Diyos.

Pero ngayon, ginagamit ang pangalan ng Diyos kahit ng mga mananampalataya. Ginagawa din nilang biro ang mga salita mula sa Biblia, pangungutya ito sa Diyos. Ang Salita sa Biblia ay ang Diyos mismo, kaya kung may kumukutya dito, ginagawa nila ito sa Diyos.

Ang paggamit ng pangalan ng Diyos sa pagsisinungaling ay kasalanan din. Halimbawa, may naisip na ideya ang isang tao, pero sasabihin niya nanggaling ito sa Diyos o inudyukan siya ng Banal na Espiritu. Kung babanggitin niya ang pangalan ng Diyos sa ganitong paraan, kalapastanganan ito.

Batid ng Diyos ang kalooban, saloobin, salita, at mga gawa natin. Hahatulan Niya tayo ayon sa mga ginawa natin. Kung pinaniniwalaan natin ito, hindi natin babanggitin ang pangalan Niya sa mga bagay na walang kabuluhan o hindi natin Siya iinsultuhin.

May isang bagay pa na dapat nating malaman tungkol dito. Kung nirerespeto at sinasamba natin ang Diyos, dapat tayong maging maingat sa paggawa ng mga bagay na may kinalaman sa Kanya at sa paggamit ng pangalan Niya.

Kapag nagbabasa o gumagamit tayo ng mga salitang mula sa Biblia, gawin natin ito sa banal na paraan. Mahalin natin ang santuwaryo at ang mga kagamitan dito, ingatan ang mga ito. Kung tayo ang namamahala ng pondo ng iglesya, gamitin natin ng tumpak at maingat ang pera. Kapag nakabasag tayo ng tasa o baso, huwag nating balewalain ito. Batid natin na kahit kaliitliitang bagay ay may basbas bilang pag-aari ng Diyos.

Kapag binabanggit natin ang isang taong pinagkatiwalaan ng Diyos ng kapangyarihan Niya, o tungkol sa mga pagkilos ng Banal na Espiritu, iwasan nating humatol o manlibak ayon sa makalamang saloobin natin. Sinabi na, kung iginagalang natin ang Diyos, gamitin natin ang mga bagay na pag-aari ng Diyos sa banal na paraan.

### Pangatlo, nagsisinungaling sila at ginagamit ang pangalan ng Diyos

Ipinapakita ng Lumang Tipan na iniliiligaw ng mga bulaang propeta ang mga tao sa pangangaral ng mga bagay na sinasabi nilang nagmula sa Salita o sa propesiya ng Diyos. Binalaan ng Diyos ang mga taong tulad nito sa Deuteronomio 18:20, “Ngunit ang mga propetang magsasalita ng salitang may kapangahasan sa Aking pangalan, na hindi Ko iniutos na kanyang sabihin o magsasalita sa pangalan ng ibang mga diyos, ang propetang iyon ay mamamatay.”

Kung malakas ang loob ng isang taong gumamit ng pangalan ng Diyos sa pagsisinungaling, dadalhin niya ang sarili niya sa parusa ng kamatayan (Apocalipsis 21:8). Kung mangangako sila at babanggitin ang pangalan ng Diyos pagkatapos ay hindi tutuparin, kasinungalingan ito. Binabanggit nila ang pangalan ng Diyos sa walang kabuluhan. Sinasabi ng Levitico 19:12, “At huwag kayong susumpa sa pamamagitan ng Aking pangalan sa kasinungalingan; sa gayo’y lalapastanganin ninyo ang pangalan ng inyong Diyos: Ako ang PANGINOON.”

Pero ngayon, nagsisinungaling at binabanggit ang pangalan ng Diyos kahit ng mga mananampalataya. Palagi nilang sinasabi, “Narinig ko ang tinig ng Banal na Espiritu habang nananalangin” o “Diyos ang kumilos dito” kahit hindi naman Niya ito gawain.

Siyempre, dapat talagang marinig ng mga anak ng Diyos ang tinig ng Banal na Espiritu para magabayan sila. Pero, hindi lahat ng mga anak ang makakarinig nito nang walang pasubali. Kung iwawaksi nila ang mga kasalanan sa puso nila at papalitan ito ng katotohanan, mas maliwanag nilang maririnig ito. Kahit naririnig nila ito, dapat silang dumaan sa pagsasanay para maunawaan ito ng 100%. Kaya kung hindi natin eksaktong nakikilala ang tinig, huwag nating sabihing gawain ng Banal na Espiritu ang isang bagay o hindi.

Tulad din ito ng mga karanasang espirituwal gaya ng mga panaginip o pangitain (bisyon). Halimbawa, may mga panaginip na mula sa Diyos, pero may mga nanggagaling sa sariling saloobin o kay Satanas. Hindi natin pwedeng sabihin agad na galing sa Diyos ang panaginip natin. At kung may magsasabi sa atin na may sinabi sa kanya ang Banal na Espiritu, dapat tayong mag-ingat. Maging mahinahon tayo kung aayon tayo o hindi.

May mga taong dumadanas ng kapahamakan dahil sa mga kasalanan nila. Pero sinasabi nilang, “Pinapalo ako ng Diyos.” Kapag natutupad naman ang mga bagay na gusto nila, sinasabi nilang, “Pinagpapala ako ng Diyos.” Kung ang mga bagay na gusto nila ay hindi na gaanong maayos pagkalipas ng ilang panahon, sasabihin nilang, “Pinigilan ako ng Diyos.” Papalit-palit sila ng salita, at nasanay na sila sa maling paggamit ng pangalan ng Diyos. Sinasabi ng iba na pagpapahayag ito ng pananampalataya, pero kung walang ingat ang paggamit ninyo ng pangalan ng Diyos para magyabang, hindi tama ito.

Ang mga taong kumikilala sa Diyos sa lahat ng bagay ay maingat sa pagbanggit ng pangalan Niya, kikilos sila ayon sa katotohanan.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, kung pinaparangalan at pinupuri ninyo ang Diyos ng buong puso, hindi ninyo babanggitin ang pangalan Niya sa walang kabuluhan. Gagawin ninyo ang lahat ng bagay ng may pagsamba at paggalang sa Kanya.

Kung susundin ninyo ito, idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na tanggapin nawa ninyo ang pagpaparangal at pangako ng Diyos sa lahat ng mga sasabihin at gagawin ninyo (1 Samuel 2:30) at dalhin nawa kayo sa pinakamaluwalhating lugar sa Langit.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng “The Apostles' Creed” o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

“Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito.” (Ang Mga Gawa 17: 25)

“Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas.” (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 152-848
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english / www.manminnews.com
Email: manminministry@manmin.org
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Siyam na Kaloob ng Banal na Espiritu

Mababasa sa 1 Mga Taga-Corinto 12:4-11 ang tungkol sa siyam na kaloob na ibibigay ng Espiritu sa bawat isa tulad ng kinakailangan. Pwede tayong magsulong ng makapangyarihang buhay sa pananampalataya sa pamamagitan ng pag-unawa at pagtanggap ng siyam na kaloob ng Espiritu. Pag-aralan natin itong mabuti.

## 1. Salita ng Karunungan

Kung tanggapin natin ang kaloob na salita ng karunungan mula sa Banal na Espiritu, magagamit natin ng tama ang Salita ng Diyos kung kailan at kung saan kinakailangan. Matutulungan natin ang mga tao na maging mabilis ang pagbabago.

*

Binabago ng Banal na Espiritu ang mga puso nila. Pinapalakas Niya sila, ginagawang masaya at mapagpasalamat ang mga buhay nila. Higit pa riyan, itinatanim Niya sa puso nila ang pananampalataya at pag-asa para sa Langit para mapagtagumpayan nila ang mundong ito. Kung magpapakabanal tayo mas malaking karunungan ang ibibigay sa atin ng Diyos (Santiago 3:17-18). Kung tatanggapin natin ang kaloob na ito, lalakas ang espiritu natin. Mahusay nating magagampanan ang lahat ng klase ng tungkulin.

## 2. Salita ng Kaalaman

Para mapalakas tayo ng Salita ng Diyos, dapat muna nating malaman ang tungkol sa Salita. Ang ibig sabihin nito ay dapat manatiling nakabukas ang espirituwal na mga mata natin para sa Salita. Kung hindi, literal na kahulugan lang nito ang malalaman natin at hindi ang tunay na sinasabi nito. Hindi rin natin madadama ang kalooban at pag-ibig ng Diyos.

*

Kung wala tayong kalakasang espirituwal, hindi natin maisasabuhay ang Salita, hindi natin mararanasan ang pagkilos ng Diyos. Kung tatanggapin natin ang handog na salita ng kaalaman at gagawin itong espirituwal na pagkain, at isasabuhay ito, mauunawaan natin ang espirituwal na kahulugan ng Biblia.

## 3. Pananampalataya

Magkakaroon tayo ng pananampalataya sa Diyos sa pamamagitan lang ng tulong ng Banal na Espiritu. Ito ay sapagkat magkakaroon tayo ng pananampalataya kapag isinasabuhay natin ang Salita ng Diyos na natutuhan natin bilang kaalaman.

*

Isinasabuhay ang Salita ng mga taong may mabuting kalooban sa pamamagitan ng pagwawaksi ng mga bagay na laban sa Salita sa sandaling makita nila ito sa puso nila. May mga taong tinatanggap at naniniwala agad sa mga pagkilos ng buhay na Diyos kapag naranasan nila ang mga pruweba nito sa buhay nila. Nagagawa nila ito dahil tinanggap nila ang kaloob na pananampalataya.

## 4. Pagpapagaling

Mapapagaling ng mga taong pinagkalooban ng kaloob na pagpapagaling ang mga karamdamang 'viral' o dala ng mga mikrobyo o bakterya sa pamamagitan ng panalangin.

*

Gagaling din ang isang taong may malalang karamdaman kung lubos siyang magsisisi sa mga kasalanan niya at kung idadalangin siya ng isang taong may kaloob ng pagpapagaling. Ipagpalagay nating nagkasala ang isang tao dahil hindi niya batid ang katotohanan. Kung lubos ang pagsisisi niya, maaaring kahabagan siya ng Diyos at pagalingin siya. Bukod dito, kung tatanggap siya ng mga panalangin mula sa mga taong may kaloob ng pagpapagaling, mas mabilis at madali ang paggaling niya.

## 5. Paggawa ng mga Himala

Ang kaloob na paggawa ng mga himala ay pagpapakita ng mga pagkilos na hindi magagawa ng tao tulad ng pagpapagaling ng kapansanan o mga karamdamang nasa isang tao mula ng ipanganak siya, pangingibabaw sa panahon o mga bagay na nasa kalangitan, at pagpapabago ng mga pagkatao at ugali.

*

Ang kaloob na ito ay ibinibigay sa mga naghahanap ng kalooban ng Diyos. Makakapagpakita ng mga kamangha-manghang mga himala na lampas sa kakayahan ng tao ang mga taong nakaabot sa ikaapat na antas ng pananampalataya – ang pananampalatayang nagmamahal sa Diyos ng labis, at nag-iipon ng maalab na panalangin para makaabot sa ikalimang antas – ang pananampalatayang magbibigay ng lugod sa Diyos.

## 6. Propesiya

Ang propesiya ay pagsasabi kung ano ang mangyayari sa hinaharap. Ito ay ginagawa ng may inspirasyon mula sa Espiritu at ayon sa kalooban ng Diyos. Nagpopropesiya ang isang tao para magbigay ng magandang aral, magpalakas ng kalooban, at magbigay ng kasiyahan (1 Mga Taga-Corinto 14:3).

*

Ang kaloob na pagpopropesiya ay ibinibigay sa isang taong mapanalanginin, sumusunod sa Salita ng Diyos at may pusong napabanal at walang kasamaan. Kapag nagpopropesiya sila, hindi nila nalalaman ang sinasabi nila dahil puspos sila ng inspirasyon mula sa Banal na Espiritu.

## 7. Pagkilala sa mga Espiritu

Ang pagkilala sa mga espiritu ay pagbatid ng kalooban ng Diyos. Para tanggapin ang kaloob na ito, dapat nating lubos na sundin ang Salita Niya. Kung mauunawaan natin ng maliwanag ang tinig ng Banal na Espiritu at isasabuhay ang kalooban ng Diyos, makikilala natin ang mga espiritu ayon sa kapangyarihan Niya.

*

Kapag nakaabot tayo sa perpektong antas ng pagkilala ng mga espiritu, makikilala natin kung alin ang sa espiritu at kung alin ang sa laman. Makikilala natin ang tinig ng Espiritu mula sa sarili nating saloobin; kabutihan mula sa kasamaan, at katotohanan mula sa kasinungalingan. Masasabi natin kung sino ang nakikipag-ugnayan sa mga puwersa ng kasamaan at kung sino ang mga ginagambala ng mga ito. Mabilis nating matutugunan ito.

## 8. Iba't ibang Wika

Malaki ang pakinabang ng pagsasalita ng iba't ibang wika sa buhay ng isang Cristiano kaya gusto ng Diyos na ibigay ito sa kahit na sinong anak Niya na tumanggap ng Banal na Espiritu.

*

Ang panalangin sa iba't ibang wika ay panalangin ng espiritu. Kapag nananalangin tayo sa espiritu, mapupuspos tayo ng Espiritu at mauunawaan natin ng mas mabuti ang Salita ng Diyos. Makakapanalangin tayo ng masigasig at mapupuno ng Espiritu, magiging malakas tayo. Magtatagumpay tayo sa mga pagsubok at pagdadalamhati, at maiiwaksi natin ang mga bagay na matagal na nating gustong iwaksi. Bukod dito, Diyos lang ang nakakarinig ng panalangin ng espiritu kaya hindi mapipigilan ni Satanas ang paghahandog nito.

## 9. Pagpapaliwanag ng mga Wika

Maipapaliwanag ng isang tao ang mga wika kung siya ay puspos at may inspirasyon mula sa Banal na Espiritu. Pero ang handog na ito ay ibinibigay sa mga tao ayon sa espesyal na kalooban ng Diyos o sa mga nagpakabanal na.

*

Dapat nating mapigilan ang mga sariling saloobin para makamit ang handog na pagpopropesiya at pagpapaliwanag ng mga wika. Kung wala tayong kakayahang tulad nito, sariling saloobin natin ang lumalabas na propesiya at interpretasyon kahit mula sa Diyos ang handog. Siyempre, hindi ibibigay ng Diyos ang handog na pagpapaliwanag ng mga wika sa mga taong hindi nabubuhay sa katotohanan dahil naiimpluwensyahan pa rin sila ni Satanas.

BILANG 121 DISYEMBRE 7, 2014 Balitang Manmin

Bumisita sa Manmin Central Church si Dr. Andre Gasiorowski para makipagsaya sa pagdiriwang ng ika-32 anibersaryo ng iglesya. Narito ang panayam sa kanya –



# "Ang Manmin Central Church ay isang lugar kung saan nagsasama-sama ang mga taong puno ng pagmamahalan"



Dr. Andre Gasiorowski, Israel
(55 taong gulang)

Pangkalahatang Direktor ng Helping Hand Coalition
Otolaryngologist, Obstetrician & Gynecologist
Presidente at CEO ng grupo ng Network Intelligence Technology

**Para sa iyo, ano ang paraan para tanggapin ang biyaya ng Diyos?**

Inihandog ako sa Diyos ng nanay ko sa pamamagitan ng panalangin bago pa man ako ipanganak. Ako ay Polish Jew. Noong kabataan ko, nagbukas ako at ang kasama ko sa trabaho ng isang negosyo ayon sa iminungkahi niya. Ako ay isang doktor ng medisina, kaya kakaunti ang nalalaman ko sa pagpapatakbo ng negosyo. Tinanggap ko ang suhestiyon niya nang may pananampalataya, nagsimula kami sa sawikain na, 'We Earn to Share with Others!' (Kumikita kami para maibahagi sa iba), nagbigay kami ng ikapu sa Diyos. Habang bumubuhos ang biyaya ng Diyos sa negosyo namin, umuunlad ito at nagkaroon ng 600 na mga sangay at katuwang na mga opisina. Tumubo kami ng milyung-milyong dolyar.

**Saan mo nabalitaan ang tungkol sa Manmin Central Church sa Israel?**

Ako ang presidente ng Helping Hand Coalition (asosasyon ng daan-daang organisasyon na nagkakawanggawa sa buong daigdig, nakatuon sila sa mga nakaligtas sa Holocaust). Naniniwala ako na sila ang pinakanakakaawa dahil pinagdaanan nila ang pinakamalupit na pag-uusig. Nagdadaos ako ng mga proyekto para sa kanila bawat taon. Noong taong 2012, dumating at inihatid ni Rev. Soojin Lee ng Manmin Central Church ang salita ng buhay sa mahigit 10,000 nakaligtas sa Holocaust. Nagtanghal ng magagandang palabas ang mga tagapagtanghal ng iglesya. Binuksan nito ang puso ng mga dumalo, nagka-interes sila sa ating Panginoon at naniwala sila sa Kanya.

**Ano ang pinakahinangaan mo sa pagbisita sa Manmin?**

Nakita ko ang mga miyembro na ginagawa kung ano ang gusto ng Banal na Espiritu, sinusunod nila ang pakiusap Niya. Hindi ito kapanipaniwala. Ang Manmin Central Church ay lugar kung saan nagsasama-sama ang mga taong may pagmamahalan. Bawat isa sa kanila ay busog sa pagmamahal at kapayapaan, naglalabas sila ng mabangong samyo ng pag-asa para sa Bagong Jerusalem sa Langit. Sinusunod nila ang mga utos ng Diyos, tinatamo nila ang pagpapakabanal, at naglalayon na makapasok sa Bagong Jerusalem. Ngayon pa lang, parang nagsasanay na sila sa buhay nila sa langit. Umaasa ako na ang lahat ng tao ay matuto ng paglilingkod sa Diyos sa pamamagitan ng Manmin na umaapaw sa kapuspusan ng Espiritu.

**Anong naramdaman mo nang makita mo si Dr. Jaerock Lee ng personal?**

Namangha ako nang makita ko si Dr. Jaerock Lee. Kilala ko siya sa mga sermon at litrato. Aaminin ko, may kaunting takot ako sa kanya. Pero, parang isang ama siya na nagmamahal na parang magulang.

Hindi nagtagal, napuno ako ng pagmamahal niya at espirituwal na karangalan. Pakiramdam ko, ginagawa niya ang lahat ng bagay ayon sa pag-ibig. Batid ko na ngayon kung bakit maraming tao ang nagmamahal sa kanya. Nadama ko rin ang presensya ng Diyos sa kanya.

Siya ay lingkod ng Diyos na dalisay at hindi nakikipagkasundo sa mga makamundong bagay. Sa Diyos lang siya nakikipag-ugnayan at inihahatid ang pag-ibig nito sa mga tao. Parang ito ang pinakadahilan ng buhay niya.

**Pwede bang ikwento mo sa amin ang mga ministeryo at plano mo sa hinaharap?**

Umaasa ako na maibalita ang tungkol sa Israel sa GCN para mas mapalapit ang bansa sa mga manonood. At gusto kong maipalabas ang mga programa ng GCN mula sa Israel patungo sa buong mundo. Kung ang ebanghelyo ng kabanalan ay maipapalabas mula sa Jerusalem mas maaantig ang damdamin ng mga tao sa mundo, pati na rin sa Israel mismo.

# Batid ng Panginoon Ko ang Kaibuturan ng Puso Ko

Punong Diakonesa Mikyung Seo,
46 taong gulang, 2-20 Parokya ng South Korea



Sa taong 2014, nakaranas ako ng ilang mahimalang bagay dahil sa pag-ibig ng Panginoon. Noong nasa ika-11 baitang pa lang ako, umalis ang nanay ko para kumita ng pera. Hindi na namin siya nakita sa loob ng 27 taon. Nagsikap kaming hanapin siya, tiningnan namin ang listahan ng mga nawawalang tao sa diyaryo, pero walang nangyari.

Dahil naniniwala ako sa buhay na Diyos, masigasig akong nanalangin at tinanggap ko ang panalangin ni Dr. Lee sa mga pagsamba, naghangad ang puso ko. Samantala sa taong 2014, nakita kong muli ang nanay ko pagkatapos ng 27 taong pagkakalayo. Isang malaking himala ito. Nakipagsaya kaming buong pamilya sa Chuseok Holiday, kasama na muli ang nanay ko.

Bukod dito, biniyayaan ako na maiwaksi ang sama ng loob at galit sa kaibuturan ng puso ko. Nangyari ito sa pulong na may banal na pagpapagaling sa retreat sa tag-init ng Manmin noong Agosto 4, 2014. Bago manalangin si Dr. Lee para sa mga maysakit, pinagpala akong makita ang nakatagong sama ng loob at galit sa nanay ko, pinagsisihan ko ito ng lubos. Pagkatapos, nadama ko ang apoy ng Banal na Espiritu na bumaba sa akin. Nang tanggapin ko ang panalangin, inilapat ko ang mga kamay ko sa mga mata ko dahil gusto kong mawala ang pagka-singkit ng mga mata ko.

Pagkatapos ng panalangin, mas gumanda ang mga mata ko, doble na ang talukap Hallelujah! Ang lahat ng pagpapasalamat at luwalhati ay para sa Diyos ng Pag-ibig na nagpagaling sa malungkot kong puso at tumupad sa minimithi ko.

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras
Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Missionary Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Peter Bae
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Peter Bae
Missionary Lucy Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714